



PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pangkalusugan at pangkaligtasang mga hakbang ng Lungsod ng Brampton laban sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso 11, 2020) – Nakikipagtulungan nang maigi ang Lungsod nang Brampton sa Peel Public Health at iba pang komunidad at mga partner na GTHA sa mga hakbang-pag-iingat para protektahan ang mga residente at iwasan ang pagkalat ng COVID-19 (Coronavirus).

Ang COVID-19 ay nagdudulot ng sakit sa paghinga na maaaring kumalat mula sa isang tao papunta sa iba. Ang mga sintoma ay mula sa kaunti hanggang malubha, at karaniwang kinabibilangan ng lagnat, ubo at hirap sa paghinga.

Tulad ng anumang sakit, ipinapayo na ang mga tao ay manatili sa bahay kung may sakit, at iwasan ang kontak sa iba na may sakit. Regular na hugasan ang mga kamay, at takpan ang bibig at ilong kapag umubo at bumahin.

Sumusunod ang Lungsod sa direktiba at payo ng Peel Public Health. Kahit na ang kasalukuyang panganib ay nananatiling mababa sa Peel, ang Lungsod ng Brampton ay gumagawa ng sumusunod na mga hakbang para protektahan ang kalusugan ng ating komunidad:

- **Brampton Transit** – Mas dinadalasan ang paglilinis at pag-disinfect sa mga matitigas na ibabaw at mga upuan sa mga bus, mga pasilidad at mga terminal.
- **Mga Event/Programang** – Tumatakbo ayon sa iskediyul ang mga programang pag-aari ng Lungsod. Ang mga external na partner ng event ay maaaring may naiibang mga protokol sa kalusugan at kabutihan, at bilang bunga ang ilang event ay maaaring kakanselahin.
- **Mga Pasilidad** – Mas dinadalasan ang paglilinis at pag-disinfect sa mga pasilidad at mga pampublikong counter. Ang karatula ng paghuhugas ng kamay ay inilalagay sa mga washroom, at ang mga hand-sanitizing station ay inilalagay sa lahat ng pasukan ng mga pasilidad at mga washroom.

Ang Lungsod ng Brampton ay may komprehensibong plano sa pagpapatuloy ng negosyo para suportahan ang lahat ng departamento ng Lungsod sa paghahatid ng araw-araw at emergency na mga serbisyo sa mga residente. Ang Brampton Fire and Emergency Services ay lumikha ng internal team para makipag-ugnayan sa mga stakeholder ng Lungsod, sa Ontario Fire Marshal, at sa mga partner ng emergency na mga serbisyo upang maging handa sa at mabawasan ang epekto ng COVID-19.

Para sa updated na impormasyon tungkol sa COVID-19, bumisita sa www.peelregion.ca/coronavirus at sundan ang [@RegionofPeel](https://twitter.com/RegionofPeel).

Para sa karagdagang impormasyon:

- [Peel Public Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [Province of Ontario: Ministry of Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [Government of Canada – Coronavirus \(COVID-19\) Update](#)
- [World Health Organization – Coronavirus \(COVID-19\) Update](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca